# Ginagawa mo ba ang Kalooban ng Diyos Yugto 4

"1 Si Pablo, na apostol ni Jesucristo sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, at ang kapatid nating si Timoteo,2 Sa mga banal at tapat na mga kapatid kay Cristo, na nangasa sa Colosas: Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama. 3 Nagpapasalamat kami sa Dios, na Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na kayo'y laging idinadalangin, 4 Nang nabalitaan namin ng inyong pananampalataya kay Cristo Jesus, at ang pagibig ninyo sa lahat ng mga banal, 5 Dahil sa pagasa na natataan para sa inyo sa langit, na nang una ay inyong narinig sa salita ng katotohanan ng evangelio, 6 Na ito'y dumating sa inyo; gayon din naman kung paano sa buong sanglibutan na namumunga at lumalaganap, gaya rin naman sa inyo, mula nang araw na inyong marinig at maalaman ang biyaya ng Dios sa katotohanan; 7 Ayon sa inyong natutuhan kay Epafras na aming minamahal na kasamang lingkod, na isang tapat na ministro ni Cristo, sa ganang atin; 8 Na siya rin namang sa amin ay nagbalita ng inyong pagibig sa Espiritu.9 Dahil dito'y kami naman, mula nang araw na aming marinig ito, ay hindi kami nagsisitigil ng pananalangin at ng paghingi na patungkol sa inyo, upang kayo'y puspusin ng kaalaman ng kaniyang kalooban, sa buong karunungan at pagkaunawa ayon sa espiritu, 10 Upang kayo'y magsilakad ng nararapat sa Panginoon, sa buong ikalulugod niya, at magsipamunga sa bawa't gawang mabuti, at magsilago sa kaalaman ng Dios; 11 Na kayo'y palakasin ng buong kapangyarihan, ayon sa kalakasan ng kaniyang kaluwalhatian, sa buong pagtitiis at pagpapahinuhod na may galak; 12 Na nagpapasalamat sa Ama, na nagpaging dapat sa atin upang makabahagi sa mana ng mga banal sa kaliwanagan;13 Na siyang nagligtas sa atin sa kapangyarihan ng kadiliman, at naglipat sa atin sa kaharian ng Anak ng kaniyang pagibig; 14 Na siyang kinaroroonan ng ating katubusan, na siyang kapatawaran ng ating mga kasalanan: 15 Na siya ang larawan ng Dios na di nakikita, ang panganay ng lahat ng mga nilalang; 16 Sapagka't sa kaniya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya; 17 At siya'y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa kaniya. 18 At siya ang ulo ng katawan, sa makatuwid baga'y ng iglesia; na siya ang pasimula, ang panganay sa mga patay; upang sa lahat ng mga bagay, ay magkaroon siya ng kadakilaan. 19 Sapagka't minagaling ng Ama na ang buong kapuspusan ay manahanan sa kaniya; 20 At sa pamamagitan niya ay pakipagkasunduin sa kaniya ang lahat ng mga bagay, na pinapayapa niya sa pamamagitan ng dugo ng kaniyang krus; sa pamamagitan niya, sinasabi ko, maging mga bagay sa kalupaan, o mga bagay sa sangkalangitan.21At kayo, nang nakaraang panahon ay nangahihiwalay at mga kaaway sa inyong pagiisip sa inyong mga gawang masasama. 22 Gayon ma'y pinakipagkasundo niya ngayon sa katawan ng kaniyang laman, sa pamamagitan ng kamatayan, upang kayo'y iharap na mga banal at walang dungis at walang kapintasan sa harapan niya: 23 Kung tunay na kayo'y mamamalagi sa pananampalataya, na nababaon at matitibay, at di makilos sa pagasa sa evangelio na inyong narinig, na ipinangaral sa lahat ng mga nilalang sa silong ng langit; na dito akong si Pablo ay ginawang ministro.24 Ngayo'y nagagalak ako sa aking mga hirap dahil sa inyo, at aking pinupunan sa akin ang kakulangan ng mga hirap ni Cristo sa aking laman dahil sa kaniyang katawan, na siyang iglesia; 25 Na ako'y ginawang ministro nito, ayon sa pamamahala na mula sa Dios na ibinigay sa akin para sa inyo upang maipahayag ang salita ng Dios, 26 Maging ang hiwaga na inilihim sa lahat ng panahon at lahi: datapuwa't ngayo'y ipinahayag sa kaniyang mga banal, 27Na sa kanila'y minagaling ng Dios na ipakilala kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Gentil, na ito'y si Cristo na nasa inyo, na pagasa ninyo sa kaluwalhatian: 28 Na siya naming inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawa't tao at tinuturuan ang bawa't tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawa't tao; 29 Na dahil dito'y nagpapagal din naman ako, na nagpipilit ayon sa kaniyang paggawa, na siyang sa akin ay gumagawa na may kapangyarihan." (Colosas 1:1-29)

Ito ay napakahalaga upang maunawaan ang pangyayari ng buhay na tinatawag ka ng Diyos upang mabuhay at iakma ang iyong sarili dito. May palaging plano ang Diyos at sa isang tiyak na pangyayari ng buhay na inihanda ng Diyos para sa isa at bawat isa sa atin para sundin. Pagmasdan na ito'y matatagalan hanggang maunawaan ng mga tao ang konseptong ito at ang plano ng Diyos na mayroon Siya para sa atin. Salamat sa Diyos na nagpahayag sa atin niyaon, ngunit hindi sa lahqt ng nakapaligid sa atin, ang plano ng Diyos ay ipinahayag sa kanya.

* Sigurado sa malaot madali ipapahayag ng Diyos ang kanyang plano sa isa at bawat indibidwal sa lupa habang kanyang maabot ang edad ng kaunawaan patungo sa pananagutan. * Ang susunod na pakikibaka pagkatapos ipahayag ng Diyos ang Kanyang plano, maaring pabayaan ng mga tao, isantabi, o makitunggali sa itinalaga ng Diyos sa kanila. At sila'y magpapatuloy sa pakikibaka sa kanilang buhay sa pamumuhay nang labag sa Kanyang kalooban hanggang kanilang isuko at handang lumakad sa Diyos. * At pagkatapos ng pagsuko sa Diyos sa gayon ang susunod na pakikibaka ay upang magtiyaga kasama ng Diyos na pagtiisan ang paghihirap hanggang kanilang matapos ang plano at kalooban ng Diyos.

"1 Si Pablo, na apostol ni Jesucristo sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, at ang kapatid nating si Timoteo," (Colosas 1:1) Si Apostol Pablo ay isang apostol sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos upang gawin ang kalooban ng Diyos. Kasama niya si Timoteo na nakipagkaisa kay Pablo sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos tungo sa katuruan at ang paraan ng buhay na ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan sa Kanyang bayan na handang sumunod at tumalima sa kaparaanan ng Diyos. Habang si Timoteo ay sumangayon sa pagtuturo ni Pablo at namuhay sa kalooban ng Diyos, tayo rin ay tiawag upang sumangayon sa katuruan ng Bibliya at mabuhay sa Kamyang kalooban.

"2 Sa mga banal at tapat na mga kapatid kay Cristo, na nangasa sa Colosas: Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama." (Colosas 1:2) Ang sulat sa mga taga Colosas ay nakadirekta sa mga banal, ang banal na bayan na namumuhi sa kasalanan at sa mga tapat sa kanila; sa mga nagagalak at tumutugon ng mabuti sa biyaya ng Diyos at sa kapayapaan ng Diyos na kanyang ipinagkaloob sa kanila. Nais ng Diyos mula sa atin bilang isang simbahan, at mula sa isa at bawat kasapi ay mabuhay ng banal at maging tapat sa pagtawag ng Diyos sa ating buhay.

"3 Nagpapasalamat kami sa Dios, na Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na kayo'y laging idinadalangin, " (Colosas 1:3) Habang ipinakilala kay Pablo sa pamamagitan ni Epafras, alam niya na ang Diyos lamang ang nagpadala sa mga taong ito sa kanya at siya'y nagpapasalamat sa Diyos para sa pagkakataong ito para sa atin paglingkuran Siya sa paglilingkod sa kanila. Si Pablo at Timoteo ay magkasamang nagbigay pasasalamat sa Diyos at nanalangin para sa mga taga Colosas. Tayo bilang simbahan kasama ng matatapat na mga manggagawa ay kailangan nating tanggapin ang mga ipinapadala sa atin ng Panginoon at tayo'y mananalangin para sa kanila.

"4 Nang nabalitaan namin ng inyong pananampalataya kay Cristo Jesus, at ang pagibig ninyo sa lahat ng mga banal, 5 Dahil sa pagasa na natataan para sa inyo sa langit, na nang una ay inyong narinig sa salita ng katotohanan ng evangelio," (Colosas 1:4-5) Si Pablo at Timoteo ay nagbigay pasasalamat sa Diyos nang kanilang narinig ang tungkol sa kanilang pananampalataya at ang kanilang pagibig sa mga banal at sa kanilang pagasa sa mana na mayroon sila sa langit. Si Pablo at Timoteo ay siguradong narinig nila ang ibang mga bagay tungkol sa mga taga Colosas na ito'y nangangailangan ng pagtutuwid ngnunit sila'y nagbigay pasasalamat sa Diyos at sa kanilang isip inilagay nilang ang kanilang panagko upang abutin ang mga taong ito at tulungan silang sumunod sa Diyos. Kaya para sa bawat tao ipinapadala ng Diyos doon ang mabubuting bagay sa kanila na kailangan nating magbigay pasasalamat at sa masasamang bagay kailangan nating tuklasin upang ituwid sila.

"6 Na ito'y dumating sa inyo; gayon din naman kung paano sa buong sanglibutan na namumunga at lumalaganap, gaya rin naman sa inyo, mula nang araw na inyong marinig at maalaman ang biyaya ng Dios sa katotohanan;" (Colosas 1:6) Ang Ebanghelyo ni JesuCristo ay ipinangaral sa buong sanglibutan at nagbunga sa alinmang tao na ito'y naabot. Ito'y nagbunga sa buhay ng mga taga Colosas mula sa araw na ito ay ipinahayag at nagawa nilang makita ang biyaya ng Diyos sa katotohanan. Kailangan nating gawin ang kalooban ng Diyos sa pagpapatuloy ng pangangaral ng ebanghelyo sa nga nawala sapagkat itoy magbubunga sa anyo ng bagong mananampalataya kay Cristo. Bawat isa sa atin ay kailangang maging mabungang mga alagad at magdala ng bagong mga tao kay Cristo.

"7 Ayon sa inyong natutuhan kay Epafras na aming minamahal na kasamang lingkod, na isang tapat na ministro ni Cristo, sa ganang atin;" (Colosas 1:7) Ang ibig sabihin ng Epafras ay kaibig ibig. At kailangan talaga nating maging kaibig ibig sa mga taong nakapaligid sa atin at sa buong mundo. Magagawa natin iyon minamal na kasama kong lingkod kay Pablo at sa pagkakaisa sa kanya sa pagtupad sa apostolikong ministerio ng Diyos.

"8 Na siya rin namang sa amin ay nagbalita ng inyong pagibig sa Espiritu." (Colosas 1:8) Si Epafras ay ang pastor sa buong simbahan ng Colosas at dumating at nag-ulat kay Pablo ng lahat ng detalye sa mga kapatirang taga Colosas; ang kanilang pagibig sa mga banal at sa lahat ng kanilang mabubuting bagay na kanilang ginagawa ay para sa Panginoon at ang kanilang mga pagkakamali at ang mga bagay na kailangang maituwid. Si Epafras ay pumunta kay Pablo na isang apostol sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos humihingi sa kanya ng tulong at payo kung paano harapin ang maling mga katuruan na kanyang nakakaharap sa buhay ng mga taga Colosas. Si Epafras ay kumikilos kagaya ng mga hukom na sinanay ni Moises at itinalaga, "26 At kanilang hinatulan ang bayan sa buong panahon: ang mabibigat na usap ay kanilang dinadala kay Moises, datapuwa't bawa't munting usap ay silasila ang naghahatulan. " (Exodu 18:26) Si Epafras ay tapat na tao at siya ay walang itinatago. Inuulat niya kay Pablo ang lahat ng mga kritikal na pangyayari sa simbahan ng Colosas. Iniulat din niya sa kanya ang tungkol sa Archippus, at ang kanyang ministerio at kaya naman isinama siya ni Pablo sa kanyang liham at nagpadala ng pagpapaalala sa kanila, "At sabihin ninyo kay Arquipo, Ingatan mong tuparin ang ministerio na tinanggap mo sa Panginoon." (Colosas 4:17) Higit pang sinalita ni Apostol Pablo ang tungkol kay Epafras. "12 Binabati kayo ni Epafras, na isa sa inyo, na lingkod ni Cristo Jesus, na siyang laging nagsisikap dahil sa inyo sa kaniyang pananalangin, upang kayo'y magsitatag na mga sakdal at lubos na tiwasay sa lahat na kalooban ng Dios." (Colosas 4:12) Si Epafras ay nanalangin para sa mga tao ng simbahan ng Colosas, na kanyang mga kasapi ng simbahan , upang tumayong sakdal sa lahat ng kalooban ng Diyos. Higit na sinalita ni Pablo ang tungkol sa kanya na siya ay isang tapat na manggagawa, gumagawang may kasigasigan patungo sa kanyang kawan at para sa simbahan ng Laodicea at sa Hierapolis, "13 Sapagka't siya'y binibigyan kong patotoo na siya'y totoong nagpapagal sa inyo, at sa nangasa Laodicea, at sa nangasa Hierapolis." (Colosas 4:13)

"9 Dahil dito'y kami naman, mula nang araw na aming marinig ito, ay hindi kami nagsisitigil ng pananalangin at ng paghingi na patungkol sa inyo, upang kayo'y puspusin ng kaalaman ng kaniyang kalooban, sa buong karunungan at pagkaunawa ayon sa espiritu," (Colosas 1:9) Nang narinig ni Pablo at ni Timoteo ang tungkol sa mga taga Colosas sila'y hindi tumigil sa pananalangin para sa kanila at sila'y nanalangin para sa kanila at hinangad sa kanila na mapusos ng kaalaman ng kalooban ng Diyos. Kailangan nating manalangin para sa mga taong nasa ilalim ng ating pangangalaga upang mapuspos ng karunungan at ng kaalaman ng Kanyang kalooban.

"10 Upang kayo'y magsilakad ng nararapat sa Panginoon, sa buong ikalulugod niya, at magsipamunga sa bawa't gawang mabuti, at magsilago sa kaalaman ng Dios;" (Colosas 1:10) Kailangan nating malaman ang kalooban ng Diyos at isabuhay ito at kailangan nating manalangin para sa mga taong nasa ilalim ng ating pangangalaga at sa mga inaabot natin upang malaman ang kalooban ng Diyos at isabuhay ito.

Ang pagpapakita ng pagkaalam sa kalooban ng Diyos at sa pamumuhay nito ay ang mga sumusunod:

A. Upang kayo'y magsilakad ng nararapat sa Panginoon, sa buong ikalulugod niya: Sa pagiging mabuting halimbawa at ng mabuting patotoo sa iba.
B. Magsipamunga sa bawa't gawang mabuti,: Pamumunga sa lahat ng panahon at sa alinmang bagay na ating ilalagay sa ating mga kamay.
C. Magsilago sa kaalaman ng Dios: Palaging magtiyaga upang makilala ang Diyos ng mas mabuti at lumakad nang mas malapit sa Kanya.

"11 Na kayo'y palakasin ng buong kapangyarihan, ayon sa kalakasan ng kaniyang kaluwalhatian, sa buong pagtitiis at pagpapahinuhod na may galak;

D. Na kayo'y palakasin ng buong kapangyarihan, ayon sa kalakasan ng kaniyang kaluwalhatian: Sa pamumuhay sa kalooban ng Diyos tayo ay palalakasin at anumang gawain gagawin natin ito sa pamamagitan ng Kanyang buong kapangyarihan na nagbangon si Jesus mula sa patay at naupo Siya sa kanang kamay ng trono ng biyaya.
E. Sa buong pagtitiis at pagpapahinuhod na may galak: Pagtanggap sa mga pagsubok at mahabang pagdurusa at sa lahat ng kagalakan.

"12 Na nagpapasalamat sa Ama, na nagpaging dapat sa atin upang makabahagi sa mana ng mga banal sa kaliwanagan;" (Colosas 1:12)

F. Na nagpapasalamat sa Ama, na nagpaging dapat sa atin upang makabahagi sa mana ng mga banal sa kaliwanagan: Tayo'y palaging magpqpasalamat at magagalak habang tayo'y nasasangkot sa paggawa ng kalooban ng Diyos, na nagiingat ng mana para sa atin sa langit. Na nagpaging dapat sa atin upang makabahagi sa mana ng mga banal sa kaliwanagan: Ginawa tayo ng Diyos na maging karapat dapat at makibahagi sa mana ng mga banal sa langit. Sa gayon kailangang gawin
natin ang ating bahagi at mabuhay sa kalooban ng Diyos.

"13 Na siyang nagligtas sa atin sa kapangyarihan ng kadiliman, at naglipat sa atin sa kaharian ng Anak ng kaniyang pagibig" (Colosas 1:13) Tayo ay pinaalalahanan dito sa kailangan nating isabuhay ang kalooban ng Diyos. Tayo'y naligtas at napalaya mula sa kapangyarihan ng kadiliman at nakapasok sa kaharian ni Cristo, at para sa kadahilanang ito kailangan natin magpatuloy sa paglakad sa plano Niya upang makamit ang Kanyang kalooban at maging mabunga.

"14 Na siyang kinaroroonan ng ating katubusan, na siyang kapatawaran ng ating mga kasalanan:" (Colosas 1:14) Tayo ay pinatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, samakatuwid kailangan tayo'y magpatuloy sa kaugalian ng pagsisisi upang ang pagsasakripisyo ni Cristo ay maging daan para sa ating katubusan. Kailangan nating pahalagahan at mabuhay sa panginginig sa ginawa ni Cristo para sa atin upang iligtas tayo mula sa ating mga kasalanan.

"15 Na siya ang larawan ng Dios na di nakikita, ang panganay ng lahat ng mga nilalang;" (Colosas 1:15) Si Jesus ay Diyos, ang Anak, na dumating sa lupa upang makilala natin ang Diyos ang Ama. Siya'y dumating at namatay para sa ating mga kasalanan.Siya nagbangon mula sa patay. Siya ay ang unang bunga ng muling pagkabuhay.

"16 Sapagka't sa kaniya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya;" (Colosas 1:16) Ang lahat ng nakapaligid sa atin ay nilikha Niya at nilikha para sa Kanyang layunin. Hindi natin mapapagtagumpayan ang mga pwersa, kapangyarihan, pamamahala at mga pamunuan maliban na tayo ay lumalakad nang naayon sa Kanyang kalooban.

"17 At siya'y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa kaniya." (Colosas 1:17) Siya ang nauna at higit sa lahat at sa lahat ng mga bagay ay binubuo Niya. Sa gayo'y ito'y sapilitan na umayon sa Kanyang kalooban upang makaya nating pagdaanan ang buhay sa bawa't kalagayan. Makakayanan natin ang ibat ibang isyu ng buhay kung pananatulihin natin ang ating sarili sa pakikipagkasundo sa Kanyang kalooban.

"18 At siya ang ulo ng katawan, sa makatuwid baga'y ng iglesia; na siya ang pasimula, ang panganay sa mga patay; upang sa lahat ng mga bagay, ay magkaroon siya ng kadakilaan." (Colosas 1:18) Si Cristo ang ulo ng simbahan at Siya ang naunang itinalagang apostol na nagpasimula ng qpolostikong gawain, upang ilagay ang tatagang-bato ng simbahan, at upang pangunahan at upang gabayan ang simbahan sa buong kalooban ng Diyos. Kaya naman kailangan nating mapasaloob ng simbahan at sa pakikipagkasundo sa simbahan bilang ang simbahan ay nagtitiyaga sa pagsagawa ng kalooban ng Diyos. Siya ay mula sa pasimula, Siya ay ang unang nagbagon sa patay at Siya ang ulo ng simbahan at Nais Niya sa atin na maging bahagi ng Kanyang simbahan.

"19 Sapagka't minagaling ng Ama na ang buong kapuspusan ay manahanan sa kaniya;" (Colosas 1:19) May ilang kamalian sa kaisipan ng mga taga Colosas na tumanggap ng ilang bulaang katuruan kay Cristo na kinakailangang maituwid at ginagawala iyon ni Pablo. Pnalawak Niya ng malalim sa kanila ang tungkol kay Cristo at sinabi niya sa kanila na buong kapuspusan ay manahan sa kanya. Sapagkat walang ibang kapuspusan sa alinmang ibang mga bagay o sa anumang ibang tao sa sanglibutang ito maliban kay Cristo Jesus na ating Panginoon.

"20 At sa pamamagitan niya ay pakipagkasunduin sa kaniya ang lahat ng mga bagay, na pinapayapa niya sa pamamagitan ng dugo ng kaniyang krus; sa pamamagitan niya, sinasabi ko, maging mga bagay sa kalupaan, o mga bagay sa sangkalangitan." (Colosas 1:20) Ipinakilala ni Cristo ang kapayapaan sa pagbuhos ng Kanyang dugo sa krus at dinala Niya ang pakikipagkasundo sa pagitan ng Diyos ang Ama at sa tao sa pamamagitan ng dugo ni Cristo na ibinuhos sa krus. Kailangan talaga natin maunawaan na si Cristo ay namatay sa krus at kailangan nating pahalagahan kung ano ang epekto noon sa ating buhay sa pagbabalik sa Diyos sa Ama at maging bahagi ng Kanyang simbahan.

"21 At kayo, nang nakaraang panahon ay nangahihiwalay at mga kaaway sa inyong pagiisip sa inyong mga gawang masasama." (Colosas 1:21) Tayo'y mga kaaway noon at ngayon tayoy nakipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng dugo ni Jesus at tayo'y naligtas.

Samakatuwid kailangan nating maging alisto tungkol sa maling katuruan at ang mga pagkakamali ng mga bulaang mga guro na sinusubukang ihiwalay tayo mula kay Cristo.

"22 Gayon ma'y pinakipagkasundo niya ngayon sa katawan ng kaniyang laman, sa pamamagitan ng kamatayan, upang kayo'y iharap na mga banal at walang dungis at walang kapintasan sa harapan niya:" (Colosas 1:22) Ang liham ni Pablo sa simbahan ay ipinaliwanag na ang plano ng Diyos ay hindi lamang tayo'y naligtas kundi upang iharap tayong banal at walang dungis sa Kanyang paningin. Na makikita tayo ng Diyos ng walang kamalian inaring ganap sa harapan Niya sa pamamagitan ng dugo ni Jesus. At sa gayon ang liham ay naglagay ng mga kondisyon gaya ng ating mababasa rito:

"23 Kung tunay na kayo'y mamamalagi sa pananampalataya, na nababaon at matitibay, at di makilos sa pagasa sa evangelio na inyong narinig, na ipinangaral sa lahat ng mga nilalang sa silong ng langit; na dito akong si Pablo ay ginawang ministro." (Colosas 1:23) * Kailangan nating magpatuloy na mabuhay sa masunuring pananampalataya at pagtalima sa Kanyang kalooban at plano. *Sa gayon kailangan talaga nating mamuhay nang malayo mula sa kasalanan at kamunduhan upang maging walang kasalanan, kapintasan, dungis sa harapan Niya. Ang kahulugan ng "at di makilos sa pagasa sa evangelio," ay hindi mawala sa pamantayan ng kabanalan na ang ebanghelyo ni Cristo ay ipinahayag sa atin nang narinig natin at pinaniwalaan. na inyong narinig, na ipinangaral sa lahat ng mga nilalang sa silong ng langit; sa saan man si Cristo ay ipinahayag sa gayon ang kabanalan ay naipahayag, sapagkat ang kabanalan ay ang gitna ng ebanghelyo ni Jesus. na dito akong si Pablo ay ginawang ministro, Narito si Pablo ay ipinakilala ang kanyang sarili sa kanila. Unang ipinakilala ni Pablo ang plano ng Diyos sa kanila pagkatapos ipinakilaa niya si Cristo, pagkatapos ipinakilala niya ang simbahan sa pamamagitan ni Cristo sa pagiging ulo ng simbahan, at doon ginawa niyang mahalaga na kailangan nating mamuhay at maging bahagi ng simbahan kung saan kailangan nating mamuhay at tumalima habang tayo'y nasa lupa, si Cristo sa pagigng ulo ng simbahan, at pagkatapos ipinakilala niya ang kanyang sarili bilang naglilingkod at alagad ni Cristo at apostol para sa Kanya upang ilatag ang tatagang-bato ng simbahan, na si Cristo ang naglagay sa simbahan upang maglingkod sa simbahan ang sa ganito silang naging masigasig sa pakikinig kay Pablo bilang kasangkapan na ginamit ng Diyos upang ipakilala ang Kanyang kalooban, ang Kanyang Salita, ang Kanyang katuruan, at ang Kanyang mabuting plano para sa kanila.

"24 Ngayo'y nagagalak ako sa aking mga hirap dahil sa inyo, at aking pinupunan sa akin ang kakulangan ng mga hirap ni Cristo sa aking laman dahil sa kaniyang katawan, na siyang iglesia;" (Colosas 1:24) Si Pablo ay nagdusa at nagalak sa kanyang pagdurusa para sa simbahan sa pagiging katawan ni Cristo; ipinaalam din ni Pablo sa kanila na siya ay nagdurusa para sa kanila. Nagdusa siya sa kanyang paninindigan sa Salita ng Diyos na kanyang ipinapangaral sa mga tao. Kung si Apostol Pablo ay hindi nanindigan sa gayon ang sulat sa mga taga Colosas ay hindi magkakatotoo. Si Pablo ay naghirap sa pangangaral ng ebanghelyo at sa kanyang paghihirap ay mas kaunti sa dinanas ni Cristo para sa simbahan. Ngunit handa niyang punan ang kanyang kakulangan sa paghahambing sa pagdurusa ni Cristo para sa kapakanan ng simbahan. Kailangan nating magalak sa paghihirap at kailangan nating maging handa kahit na sa maraming paghihirap sa ating paglilingkod at ministerio para sa kapanan ng simbahan ng Diyos.

"25 Na ako'y ginawang ministro nito, ayon sa pamamahala na mula sa Dios na ibinigay sa akin para sa inyo upang maipahayag ang salita ng Dios," (Colosas 1:25) Ipinahayag muli ni Pablo sa kanila na siya ay ginawang ministerio ayon sa kalooban ng Diyos para sa kanilang kapakanan para maglingkod sa kanila at handa niyang pagsikapan iyon upang matupad ang salita ng Diyos. Kaya't pinipilit niya sila na sumunod at tumalima sa Salita ng Diyos at sa mensahe ng Diyos na ipinadala ni Cristo sa pamamagitan ni Pablo sa simbahan.

"26 Maging ang hiwaga na inilihim sa lahat ng panahon at lahi: datapuwa't ngayo'y ipinahayag sa kaniyang mga banal, " (Colosas 1:26) Ito ay isang misteryosong bagay sa ginagawa ng Diyos sa pag abot sa sanglibutan kasama ng ebanghelyo ni Jesus sa paggamit ng mga minsiterio at apostoles upang ilagay ang tatagang-bato ng Kanyang simbahan. Ito ay misteryoso at ipinapahayag yaon ng Diyos sa Kanyang mga banal. Ang hiwaga ay isang bagay na nakatago at lampas sa kaisipan ng tao, imahinasyon o paliwanag. Ang buhay kasama ng y iba't ibang mga isyu na nakapaligid sa atin ay hiwaga. Ngunut ipinahayag ng Diyos ang hiwaga ng buhay sa mga banal. Upang ang simbahan ay magpaliwanag sa hiwaga at maaring tulungan ang mga tao o at ipaliwanag sa kanila ang mga pangyayari ng buhay at kung paanong makipagugnayan sa mga isyu ng buhay at gawin ang tamang desisyon ng naayon sa kalooban ng Diyos.

"27Na sa kanila'y minagaling ng Dios na ipakilala kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Gentil, na ito'y si Cristo na nasa inyo, na pagasa ninyo sa kaluwalhatian:" (Colosas 1:27) Sa pamamagitan ng mga banal ng Diyos ay ipapahayag ang ebanghelyo at pagabot sa mga hentil at ipakilala sa kanila ang kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na nang si Cristo ay ipinahayag sa hentil ay nagkaroon ng pagasa sa Diyos. Nang ang Salita ng Diyos ay pinalawak sa gayon ang mga tao ay may kamalayan sa kanilang buhay at kung ano ang nais ng Diyos sa kanila upang gawin.

Si Cristo na nasa inyo, na pag asa ninyo sa kaluwalhatian: Kapag si Cristo ay namumuhay sa atin at at nalikita pamamagitan ng ating buhay sa iba sa gayon ang iba ay makikilala si Cristo sa pamamagitan ng ating buhay at sila'y magkakaroon ng pag,asa gaya ng mayroon tayo.

"28 Na siya naming inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawa't tao at tinuturuan ang bawa't tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawa't tao;" (Colosas 1:28) Kailangan nating ipangaral ang ebanghelyo at yaon ay kalooban ng Diyos. Kapag tayo'y nangaral kailangan nating babalaan ang bawat tao na magsisi sa kanyang kasalanan, at kailangan nating ituro kung ano ang naayon sa mabuting aral, at gawin ang ating pinakamahusay upang turuan at upang idisipolo, at upang iharap ang bawat isa sakdal kay Cristo, sinabi ni Pablo sa simbahan ating ipapahayag, babalaan ang bawat tao at turuan ang bawat tao sa buong karunungan; upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawa't tao; sa sinasabi ni Pablo sa kanila na masasangkot siya sa personal na buhay ng isa at bawat kasapi ng simbahan, at idirekta sila sa buong kalooban ng Diyos.

"29 Na dahil dito'y nagpapagal din naman ako, na nagpipilit ayon sa kaniyang paggawa, na siyang sa akin ay gumagawa na may kapangyarihan." (Colosas 1:29) Sinasabi ni Pablo sa kanila na siya ay nagpapagal at nagsusumikap sa buong lakas at makapangyarihan ng Diyos, na gumagawa sa Kanya upang maglingkod sa simbahan at upang iharap ang bawat kasapi sakdal kay Cristo. Tayo din katulad ngayon kailangan tayong umasa sa kalakasan at sa kapangyarihan ng Diyos na ibibigay Niya sa atin na gawin ang Kanyang gawian na tulungan ang iba, turuan sila, payuhan sila, na maiharap ang bawa't isa sakdal kay Cristo.

Sa aking mahala at minamahal: Ang pagtutuwid at pagpapaalala ay kinakailangan sa bawat isang buhay. Ang simbahan ay kapaligiran para sa Diyos upang gawin ang pagbabagong ito sa ating buhay . Inilagay ng Diyos ang mga minsiterio pinahiran sa Kanyang simbahan upang sanayin ang mga banal, Na dahil dito'y nagpapagal din naman ako, na nagpipilit ayon sa kaniyang paggawa, na siyang sa akin ay gumagawa na may kapangyarihan. Tinatawag ng Diyos ang bawat isa sa atin upang mapakasakdal kay Cristo at handa na magpatuloy upang abutin ang nawawala. Tayo ay maging tapat na mag ulat nang may katapatan sa lahat ng mga suliranin na mayroon sa ating buhay at sa ating simbahan sa mga namumuno na inilagay ng Diyoss sa atin upang gabayan tayo. Ating ipangako ang ating sarili sa apostolikong ministeriong ito, upang mangaral, magbabala sa bawat tao, at turuan ang bawa't tao ng buong karunungan; na maiharap ang bawat tao sakdal kay Cristo Jesus.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nagbangon mula sa patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ako'y nagpapasalamat para sayong salita na nagawa kong maintindihan ng malalim ang kahalagahan ng iyong simbahan sa aking buhay.

Ating ipagtapat ang ating mga kasalanan at talikuran ang mga ito

Ating ipagtapat at talikuran at magsisi sa lahat ng ating ginagawa ayon sa ating kalooban at hindi naayon sa kalooban ng Diyos

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili na maglingkod sayo bilang ministro sa iyong simbahan upang ipangaral at balaan at upang iharap ang lahat na inilagay mo sa ilalim ng aking pangangalaga na maging sakdal kay Cristo. Panginoon tustusan mo ako ng iyong kapangyarihan at kasiglahan. Panginoon protektahan mo ako at ibigay ang para sa akin upang magpatuloy na maglingkod sayo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay upang maglingkod sayo at mabuhay ng naayon sa iyong kalooban na sila'y magparami ng maraming bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kapayapaan, kagalakan, mahabang pagtitiis, kaamuhan, kabutihan, pananampalataya, at kababaang loob, na ang katangian ni Cristo ay makita sa kanilang buhay. Panginoon ipinapanalangin ko sila na mapuspos ng Banal na Espiritu at upang tanggapin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu na kailangan nila upang magebanghelyo at turuan at dalhin ang mga tao sayo at tulungan sila na malaman ang iyong kalooban at lumakad sa iyong kalooban.

Panginoon pagpalain ang iyong simbahan at gawin mong lumago ang iyong simbahan. Panginoon ako'y nanalangin para sa maraming pageebanghelyo at maraming mga tao ang maabot para kay Cristo. Panginoon ako'y nanalangin para sa maraming pagaaral ng Bibliya na mabuksan at maraming kapisanan ang maitanim. Panginoon sa mga masunurin pahiran sila ng iyong Banal na Espiritu at gamitin sila upang abutin ang nawawala at magdala ng bunga na hinahangad mong makita sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon tulungan kami at protektahan kami habang kami'y nagtitiyaga sa paglilingkod sayo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan para hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com